ANG IYONG INTRODUKSYON SA

# RUXIENCE®
(rituximab)



Pr Ruxience® rituximab

Pfizer

# Pagsisimula sa aking paggamot gamit ang RUXIENCE

Dinisenyo ang brosyur na ito para sagutin ang mga tanong mo at tulungan kang lubusang makinabang sa iyong paggamot.


Mahalagang basahin ang brosyur na ito at ilagay ito sa lugar na madaling mahanap para tulungan kang maunawaan ang iyong paggamot. Gayundin, mahalaga ring maging tapat sa team na nangangalaga sa kalusugan mo tungkol sa kalagayan mo sa paggamot. Kausapin sila kapag mayroon kang mga tanong o ikinababahala tungkol sa plano ng paggamot mo.

## *Para saan ginagamit ang RUXIENCE?*

Ang RUXIENCE ay isang gamot sa kanser na ginagamit para pigilan ang paglaki ng selyula ng kanser at sana ay maging sanhi ng pagkamatay ng mga selyula ng kanser. Ito ay isang gamot sa kanser na dapat ireseta ng isang doktor. Ginagamit ito para gamutin ang mga pasyenteng may mga partikular na uri ng non-Hodgkin's lymphoma at chronic lymphocytic leukemia.

## *Paano gumagana ang RUXIENCE?*

Ang ating katawan ay may likas na sistema ng depensa laban sa mga selyula ng kanser. Kapag lumilitaw ang mga selyula ng kanser, tumutugon ang ating katawan sa pamamagitan ng paggawa ng mga espesyal na protinang tinatawag na antibodies. Pinag-aralan ng mga mananaliksik ang pagtugon na ito at natutunan nila kung paano lumikha ng antibodies sa labas ng katawan para tumulong sa paggamot sa kanser. Ang mga ito ay tinatawag na monoclonal antibodies. Ang monoclonal antibodies ay ginagawa para puntiryahin ang mga tumor sa pagsisikap na kontrolin ang paglaki ng kanser.



Ang RUXIENCE ay kabilang sa isang pamilya ng mga gamot na tinatawag na monoclonal antibodies. Isa itong antibody na pumupuntirya sa CD20 B-cell lymphocyte para pigilan ang aktibidad nito. Dumidikit ang RUXIENCE sa CD20 marker na nasa B-cell. Matapos dumikit ang RUXIENCE sa CD20 marker, gumagana ito para pigilan ang paglaki ng mga selyula ng kanser at maaari nitong sirain ang mga iyon.

Pinakaaktibo ang RUXIENCE sa mga pasyente na may B-cell type lymphoma.

## *Anong mga format ang makukuha para sa RUXIENCE?*

Ang RUXIENCE ay makukuha bilang sterile liquid solution sa mga vial na minsan lang ginagamit. Makukuha ito sa dalawang lakas:




- 100 mg/10 mL (10 mg/mL)




- 500 mg/50 mL (10 mg/mL)

# Paano ko matatanggap ang RUXIENCE?

Ang RUXIENCE ay hindi iniinom. Ibinibigay ito kasama ang mga likido sa pamamagitan ng intravenous line. Ang intravenous line, o I.V., ay isang manipis, plastic na tube na inilalagay sa isang ugat sa iyong kamay o braso. Kapag ibinibigay ang RUXIENCE sa pamamagitan ng ugat, tinatawag itong infusion.

Ang karaniwang dosis ng RUXIENCE ay batay sa surface area ng iyong katawan, na kakalkulahin ng iyong doktor para sa iyo.

Isang propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan sa isang pasilidad ng pangangalagang pangkalusugan ang magbibigay sa iyo ng RUXIENCE ayon sa inireseta ng iyong doktor.

Maaaring tumagal ang iyong unang infusion ng RUXIENCE nang halos buong araw. Kadalasan, ang mga natitirang infusion ay magtatagal nang mas maikling panahon.



# Mahalagang impormasyon sa kaligtasan

## *Ano ang dapat kong malaman bago ko gamitin ang RUXIENCE?*

Huwag gamitin ang RUXIENCE kung ikaw ay allergic sa rituximab o mga protinang parehong nagmula sa daga o tao, o anumang iba pang sangkap sa RUXIENCE, o kung nagkaroon ka na ng bihirang impeksyon na tinatawag na progressive multifocal leukoencephalopathy (PML) hindi mo dapat gamitin ang RUXIENCE.

## *Upang tumulong na maiwasan ang mga side effect at tiyakin ang tamang paggamit, kausapin ang iyong propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan bago mo gamitin ang RUXIENCE.*

Pag-usapan ang anumang mga kondisyon o problema sa kalusugan na maaaring dinaranas mo, kabilang kung:

- Nagkaroon ka na ng masamang reaksyon sa rituximab o alinman sa mga hindi gamot na sangkap.
- Allergic ka sa iba pang gamot, pagkain, o tina/pangkulay.
- Nagkaroon ka na ng atake sa puso o stroke dati.
- Umiinom o gumagamit ka ng anumang iba pang gamot (kabilang ang mga hindi inireseta ng doktor). Kung umiinom ka ng gamot para mapababa ang presyon ng dugo. Kung binabalak mong magpabakuna sa panahon ng o pagkatapos makumpleto ang iyong gamutan gamit ang RUXIENCE.
- Mayroon kang dati nang sakit sa baga dahil maaaring mas malaki ang posibilidad mong magkaroon ng mga kahirapan sa paghinga sa panahon ng iyong gamutang infusion ng RUXIENCE.
- Nagkaroon ka na ng hepatitis B dati, kasalukuyang may impeksyon ng hepatitis B o tuberkulosis.
- Ikaw ay buntis o maaaring magbuntis o nagpapasuso ng anak.

Makakatulong ang impormasyong ito sa iyong doktor at sa iyo na magdesisyon kung dapat mong gamitin ang RUXIENCE at kung anong karagdagang pangangalaga ang maaaring kailanganin habang ginagamit mo ang gamot.

# Mahalagang impormasyon sa kaligtasan

## *Ano ang mga posibleng side effect ng RUXIENCE?*

Hindi lang ito ang lahat ng posibleng side effect na maaari mong maramdaman habang ginagamit ang RUXIENCE. Kung makaranas ka ng anumang side effect na hindi nakalista rito, kontakin ang iyong propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan.

Ang pinakamadalas na posibleng hindi ninanais na epekto ay mga kaganapang nauugnay sa infusion at nangyayari sa higit sa 30 % ng mga pasyenteng ginagamot gamit ang RUXIENCE:

- Lagnat at mga pangangaligkig
- Pagduruwal, pagsusuka, fatigue (pakiramdam na pagod o nanghihina), sakit ng ulo, pantal sa balat, pamumula ng balat, pangangati, humuhuning paghinga o paninikip ng dibdib, pangangapos ng hininga, hirap sa paghinga, pakiramdam na namamaga ang dila o lalamunan, iritasyon ng lalamunan, rhinitis (pagtulo ng sipon sa ilong), pansamantalang mababang presyon ng dugo, pamumula, pagkahilo kapag tumatayo, mabilis na tibok ng puso, pananakit ng dibdib, at pananakit kung nasaan ang non-Hodgkin's lymphoma

Kung mangyari ang mga hindi ninanais na epektong ito, pinakamadalas na sa loob ng 30 minuto hanggang 2 oras matapos simulan ang unang infusion ngunit maaari ring mangyari pagkatapos ng infusion. Ang mga sintomas ay kadalasang hindi malubha hanggang katamtaman, na maaaring madaling gamutin. Maaaring malubha ang mga reaksyong ito, ngunit bihirang mangyari ito. Ang mga hindi ninanais na epektong ito ay mas madalang pagkatapos ng unang paggamot.

Ang mga hindi ninanais na epektong ito ay maiiwasan o makokontrol sa pamamagitan ng:

- Pagpapabagal o pansamantalang paghinto sa iyong infusion ng RUXIENCE. Puwedeng simulang muli ang paggamot kapag nawala na ang mga sintomas.
- Pagbibigay ng pampababa ng lagnat, gaya ng TYLENOL®, isang antihistamine, gaya ng BENADRYL®, at isang steroid, gaya ng prednisone, na puwedeng ibigay para sa mga allergic na reaksyon bago ang bawat infusion ng RUXIENCE. Minsan kailangang magbigay ng mga karagdagang gamot upang gamutin ang mga hindi ninanais na epektong ito.

<u>Dagdag pa:</u>

- Maaaring tagubilinan ka ng iyong doktor na huwag inumin ang iyong gamot sa presyon ng dugo 12 oras bago at ipagpaliban ang pag-inom hanggang matapos na ang iyong infusion ng RUXIENCE. Pakitanong sa iyong doktor kung may mga partikular na tagubilin.
- Dahil ang ilang gamot na ibinibigay kasama ng RUXIENCE ay maaaring magdulot ng bahagyang pagkahilo o pag-aantok, dapat kang kumausap ng isang taong magmamaneho para sa iyo pauwi matapos ang bawat paggamot.

May posibilidad din ng mga hindi ninanais na epekto na maaaring malubha ngunit mas madalang:

- Pananakit ng dibdib, mabilis o hindi regular o hindi pare-parehong tibok ng puso.
- Bumabang bilang ng mga puting selyula ng dugo, pulang selyula ng dugo at platelet sa dugo.
- Impeksyon at pagdurugo.
- Mabilis na pagkasira ng mga selyula na minsan ay humahantong sa mga problema sa bato, puso o paghinga (Tumour Lysis Syndrome).
- Pamumula o pamamaltos ng balat at sa loob ng bibig.
- Pagbabalik ng impeksyon ng hepatitis B. Ang mga senyales at sintomas ng hepatitis B ay kinabibilangan ng hindi mataas na lagnat, masamang pakiramdam, pagkapagod, pagkawala ng ganang kumain, pananakit ng kasukasuan at/o tiyan at paninilaw ng mga puti ng mga mata, balat at dila.
- Tumitinding panghihina sa isang panig ng katawan, mga panlalambot o pagkatumba, hirap sa pag-iisip o memorya, mga pagbabago sa mood at pagbabago sa paningin.

Kung binigyan ka ng RUXIENCE kasabay ng chemotherapy, maaaring mangyari ang mga sumusunod na karagdagang hindi ninanais na epekto:

- Biglaang hindi makapagsalita, panghihina o pamamanhid ng bahagi o buong bahagi ng isang panig ng katawan, pagkawala ng paningin o panlalabo ng paningin, hindi maipaliwanag na pagkahilo at/o biglaang mga pagkatumba.
- Herpes zoster na tinatawag ding kulebra. Kabilang sa mga sintomas ng kulebra ang pangangati, parang tinutusok o matinding paghapdi ng balat na may mga pulang patse na nagiging mga paltos at nagkukumpol kadalasan sa mismong katawan.

Kumonsulta sa isang doktor, nars o parmasista para sa posibleng mga hindi ninanais na epekto na maaaring dulot ng CHOP, CVP o FC chemotherapy. Para sa higit pang impormasyon sa mga posibleng side effect ng RUXIENCE, sumangguni sa Package Insert na ibinigay ng team na nangangalaga sa kalusugan mo.

Kausapin ang iyong propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan kung mayroon kang nakababahalang sintomas o side effect na hindi nakalista rito o lumala at nakakasagabal sa iyong mga aktibidad sa araw-araw.

# Mahalagang impormasyon sa kaligtasan

## *Mga seryosong babala at pag-iingat*

Ang ilang side effect na nauugnay sa RUXIENCE ay malubha at maaaring magsapanganib sa buhay. Ang gamot na ito ay dapat lang gamitin ng mga propesyonal sa kalusugan na may karanasan sa paggamot sa kanser sa isang pasilidad kung saan maaaring agad na gamutin ang mga reaksyong biglaan at nagsasapanganib sa buhay.

May nangyari nang mga nakamamatay na allergic na reaksyon at tumour lysis syndrome (TLS) na nagdudulot ng nakamamatay na pinsala sa bato.

May nangyari nang pag-ulit at minsan ay nakamamatay na mga pagsumpong ng hepatitis. May nangyari nang muling pagkakaroon ng impeksyon ng hepatitis B virus sa mga pasyente na nagpakita ng katibayan ng virus sa isang pagsusuri ng dugo. Ipinapayong masuri ang lahat ng pasyente para sa impeksyon ng hepatitis B virus bago simulan ang paggamot gamit ang RUXIENCE.

Puwedeng mangyari ang malubha, kabilang ang nakamamatay, na mga impeksyon habang o kasunod ng paggamot ng RUXIENCE. May naiulat nang isang bihirang impeksyon sa utak na tinatawag na JC virus na nagdudulot ng progressive leukoencephalopathy (PML) at pagkamatay sa mga pasyente na may non-Hodgkin's Lymphoma (NHL) at Chronic Lymphocytic Leukemia (CLL). Mahirap mahulaan kung sino ang magkakaroon ng PML, ngunit mas karaniwan ito sa mga taong may huminang mga immune system.

Maaaring mangyari ang malulubhang reaksyon sa infusion sa panahon ng iyong infusion o sa loob ng 24 na oras matapos ang iyong infusion ng RUXIENCE.

May naiulat nang ang mga malubhang reaksyon ng balat gaya ng Toxic Epidermal Necrolysis (TEN) at Stevens-Johnson Syndrome (SJS) ngunit napakabihira. Ang ilang kaso ay humantong sa pagkamatay.

May bibihirang naiulat nang malubha at posibleng nakamamatay na mga pangyayari sa puso at daluyan ng dugo kasunod ng paggamot gamit ang RUXIENCE.



# Paghahanda para sa aking susunod na appointment

Mahalagang magtanong at sabihin sa team na nangangalaga sa kalusugan mo kung mayroon kang mga ikinababahala tungkol sa iyong paggamot. Gamitin ang espasyo sa ibaba para isulat ang anumang bagay na gusto mong talakayin sa iyong team sa alinman sa iyong mga susunod na pagbisita.

1. ______________________
2. ______________________
3. ______________________
4. ______________________
5. ______________________
6. ______________________
7. ______________________
8. ______________________
9. ______________________
10. ______________________



### *Impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa team na nangangalaga sa aking kalusugan*

Pangalan: ______________ Numero ng Telepono: ______________

Pangalan: ______________ Numero ng Telepono: ______________

Pangalan: ______________ Numero ng Telepono: ______________

Pangalan: ______________ Numero ng Telepono: ______________

Pangalan: ______________ Numero ng Telepono: ______________



## Maaaring makatulong ang suporta

Kung inaakala mong makakatulong sa iyo ang isang grupo ng suporta, itanong sa team na nangangalaga sa kalusugan mo ang tungkol sa mga grupo sa iyong lugar.

## *Mga karagdagang madudulugan*

**Canadian Cancer Society**

Ang Canadian Cancer Society (CCS) ay isang pambansa at nakabase sa komunidad na organisasyong nagbibigay ng impormasyon at mga pansuportang serbisyo sa mga pasyente at pamilyang apektado ng kanser.

Ang online community ng CCS, Cancerconnection.ca, ay isang lugar kung saan maaaring magbahagi ang mga pasyente at pamilyang apektado ng kanser ng kanilang mga karanasan at magtatag ng mga mapagsuportang relasyon. Kahit nasaan ka pa, puwede kang kumonekta sa iba online at malaman na hindi ka nag-iisa.

Bisitahin ang www.cancerconnection.ca o www.cancer.ca o tumawag sa 1-888-939-3333.

**Leukemia & Lymphoma Society of Canada**

Ang Leukemia & Lymphoma Society of Canada (LLSC) ay isang boluntaryong ahensiya ng kalusugan na nakatuon sa mga kanser sa dugo. Nagbibigay ang LLSC ng libreng impormasyon at mga pansuportang serbisyo sa mga pasyente at tagapag-alaga.

Bisitahin ang www.llscanada.org o tumawag sa 1-800-955-4572.

**Lymphoma Canada**

Nagbibigay ang Lymphoma Canada ng mga elektroniko at naka-print na babasahin, nang libre at sa dalawang opisyal na wika, tungkol sa non-Hodgkin's lymphoma at chronic lymphocytic leukemia, mga pansuportang grupo ng mga kasama at tagapag-alaga, mga pang-edukasyong forum at adbokasiya sa ngalan ng mga pasyente. Pinopondohan din ng Lymphoma Canada ang pananaliksik sa Canada.

Bisitahin ang www.lymphoma.ca o tumawag sa 1-866-659-5556.

Ang mga iminumungkahing madudulugan sa pahinang ito ay hindi nagpapahiwatig ng pag-endorso ng o pagkakaugnay sa mga third party na organisasyon at ibinibigay para lang sa pagbibigay ng impormasyon. Hindi pananagutan ng Pfizer ang nilalaman ng mga site na hindi sa Pfizer.

## Mga Tala

## Mga Tala



# Pfizer Liaison
Patient Support Program

**Ikinokonekta ka sa mga madudulugan na sumusuporta sa iyong access sa paggamot at pantulong sa pangangalagang ibinibigay ng team na nangangalaga sa kalusugan mo**

- Pagsiyasat at pagtatasa ng reimbursement
- Koordinasyon ng mga benepisyo sa seguro
- Pinansiyal na tulong*
- Impormasyon tungkol sa paggamot

Upang magpatala sa Pfizer Liaison, makipag-ugnayan sa amin sa pamamagitan ng telepono, 1-844-533-0150; fax, 1-844-533-1151; o email, pfizerliaison@rxinfinity.ca.

Para sa karagdagang impormasyon, sumangguni sa mypfizer.ca

* Hindi magagarantiyahan ang pinansiyal na tulong.

Pfizer

Ang RUXIENCE® ay isang tatak-kalakal ng Pfizer Inc. Ginagamit sa ilalim ng lisensiya.
Ang TYLENOL® ay isang rehistradong tatak-kalakal ng Johnson & Johnson.
Ang BENADRYL® ay isang rehistradong tatak-kalakal ng Johnson & Johnson.
© 2022 Pfizer Canada ULC, Kirkland, Quebec H9J 2M5
PP-RIT-CAN-0071-TL

Pr Ruxience® rituximab